**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**

*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hulyo 11*

## SAN PIO, Santo Papa at Martir

*III cl • Simple • Pula*

Misa mula sa Para sa Banal na Santo Papa "Si Diligis Me."

*Hulyo 11 **

## MARINGAL NA KAPISTAHAN NI SAN BENITO, Mahal nating Ama at Patriarka

Tignan ang Misa sa hulihan ng aklat na ito.

*Hulyo 12*

## SAN JUAN ADALBERTO, Abad

Paggunita kina
SAN NABOR AT FELIX, mga Martir

*III cl • Doble • Puti*

Misa mula sa Para sa mga Abad, "Os justi," maliban sa mga nakatakdang ito, pati ang mga panalangin sa paggunita kina San Nabor at Felix, mga Martir:

**Ebanghelyo** • *Mt 5:43-48*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: "Narinig ninyong sinabi, 'Ibigin mo ang iyong kapwa at kamuhian mo ang iyong kaaway.' Ngunit ito naman ang sinasabi ko, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, upang kayo'y maging tunay na mga anak ng inyong Ama na nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa mabubuti gayon din sa masasama, at nagpapaulan siya sa mga matuwid at sa mga di-matuwid.

Kung ang mga nagmamahal sa inyo ang siya lamang ninyong mamahalin, anong gantimpala ang inyong maaasahan? Hindi ba't ginagawa rin iyan ng mga maniningil ng buwis? At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong binabati, ano ang ginagawa ninyong higit kaysa iba? Hindi ba't ginagawa rin iyan ng mga Hentil? Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**PRÆSTA,** quǽsumus, Dómine: ut, sicut nos sanctórum Martyrum tuórum Nabóris et Felícis natalítia celebránda non desérunt; ita iúgiter suffrágiis comitántur. Per Dóminum.

**ISINASAMO** namin sa iyo, O Panginoon, na huwag kaming maghinawang ipagdiwang ang pagdanak ng dugo ng iyong mga banal na Martir na sina San Nabor at Felix, at palagian nawa kaming tulungan pakundangan sa pamamagitan nila para sa aming kapakanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**MÚNERA** plebis tuæ, quǽsumus, Dómine, sanetórum Mártyrum tuórum Nabóris et Felícis fiant grata suffrágiis: et, quorum triúmphis tuo nómini offeruntur, ipsorum digna perficiantur et méritis. Per Dóminum.

**MAGING** kalugod-lugod nawa ang alay ng iyong bayan, O Panginoon, pakundangan sa iyong mga mahal na Martir na sina San Nabor at Felix, at pagindapatin mo itong mga hain sa kabutihang ginawa't kinamtang tagumpay na inialay sa kaluwalhatian ng iyong Ngalan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**NATALÍTIIS** Sanctórum tuórum, quǽsumus, Dómine: ut, sacraménti múnere vegetáti, bonis, quibus per tuam grátiam nunc fovémur, perfruámur ætérnis. Per Dóminum.

**SA PAGGUNITA** namin ng iyong mga Banal na nag-alay ng sarili, O Panginoon, nawa'y patatagin kami sa mahal na sakramentong ito, nang aming malasap habambuhay ang tanang kabutihan, yayamang sa bisa ng iyong pagpapatnubay na 'di magmamaliw ay sadyang inaaliw kami't tinutuwangan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Hulyo 13*

## SAN ANACLETO, Santo Papa at Martir

*III cl • Simple • Pula*

Misa mula sa Para sa Banal na Santo Papa "Si Diligis Me."

• • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • •

*Hulyo 14*

## SAN BUENAVENTURA
## Obispo, Confesor, at Pantas ng Simbahan

*III cl • Doble • Puti*

Misa mula sa Para sa mga Pantas ng Simbahan, "In medio ecclesiae," habang ang Aleluya, Antipona sa Pag-aalay, Panalangin Ukol sa mga Alay, at Panalangin Matapos ang Komunyon ay mula sa Misa "Sacerdotes tui."

• • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • •

*Hulyo 15*

## SAN ENRICO
## Emperador, Confesor

*III cl • Semidoble • Puti*

Misa mula sa Para sa Confesor na hindi Obispo, "Os justi," maliban dito:

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**DEUS,** qui hodiérna die beátum Henrícum Confessórem tuum e terréni cúlmine impérii ad regnum ætérnum transtulísti : te súpplices exorámus; ut, sicut illum, grátiæ tuæ ubertáte prævéntum, illécebras saéculi superáre fecísti, ita nos fácias ejus imitatióne, mundi hujus blandiménta vitáre, et ad te puris méntibus perveníre. Per Dóminum.

**O DIOS,** ngayong araw ay dinala Mo si San Enrico na iyong Confesor patungo sa walang hanggang kaharian buhat sa paghahari sa balat ng lupa: pakumbaba naming idindudulog sa iyo, gaya ng lakas na ibinuhos Mo sa kaniya at ipinagsanggalang ng Iyong grasya upang malupig ang tukso at lilo ng sanlibutang ito; nawa'y tularan namin ang pagka-uliran niyang ito upang sipahayuin din namin ang kamunduhan nang sa gayo'y makarating kami sa Iyong may malinis na kalooban. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...